1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 5

BAGONG PILIPINAS

ONE NCR STRONGER TOGETHER

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 5**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** ANALINE C. VERGARA
**Tagasuri:** NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN
**Tagaguhit**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | Ikalimang Linggo | Kuwarter: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa sariling paraan ng pananalangin. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng karanasan tungkol sa pagpapabuti ng kanyang ugali dahil sa pananalangin bilang paglinang ng pagiging madasalin. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Madasalin (Prayerful)<br>Slogan-“Laging magdasal.” | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging madasalin sa pamamagitan ng wastong kilos at salita sa pananalangin<br>a. Natutukoy ang mga sariling paraan ng pananalangin<br>b. Natutuklasan na ang sariling paraan ng pananalangin ay makatutulong sa pagpapabuti ng ugali<br>c. Nakapagbabahagi ng mga karanasan tungkol sa pagpapabuti ng kanyang ugali dahil sa pananalangin (hal. disiplina, pagdarasal, nangunguna sa pagdarasal sa klase) | | | |
| *E. Mga Layunin* | Natutukoy ang mga sariling paraan ng pananalangin. | Natutukoy ang mga bagay-bagay na dapat ipanalangin sa Diyos. | Nakikilala na ang sariling paraan ng pananalangin ay makatutulong sa pagpapabuti ng ugali | Nakapagbabahagi ng sariling karanasan tungkol sa pagpaunlad ng mabuting ugali dulot ng pananalangin |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Inclusive, Empathize, Context, Social Emotional Learning (SEL) | Collaborative, Social Emotional Learning (SEL) | Social Emotional Learning (SEL) | Inclusive<br>Social Emotional Learning |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| G. *21st Century Skills* | Communication Skills (Interpersonal Skills) | Communication Skills (Interactive) | Communication Skills (Interpersonal Skills) | Communication Skills (Interactive) |
| H. *Integrasyon* | Araling Panlipunan | | | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Pagsisimula ng Pagkilala sa Sariling Paraan ng Pananalangin | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Matatag K-10 Curriculum Guide<br>Larawan 1 *https://rb.gy/bkhznl*<br><br>Larawan 2-4 *canva.com* | Matatag K-10 Curriculum Guide<br>"Ikaw na ang Bahala" Video *https://rb.gy/udfb8k*<br><br>Panalangin Bago Kumain Video *https://www.youtube.com/watch?v=ZDuX5FLqHII&list=PLnJmumfa-1jSxmjDNWii3YwVV8InOwR0r&index=2*<br>Larawan 1 *https://www.freeimages.com/illustrations/clipart/praying* | Matatag K-10 Curriculum Guide<br>Larawan 1 *https://rb.gy/0y78yj* | Matatag K-10 Curriculum Guide<br><br>Awit: "*Ang mga Ibon na Lumilipad*"<br><br>*Larawan 1*<br>*praying clipart png - Clip Art Library (clipart-library.com)* |
| B. *Iba pang Kagamitan* | | *TV Monitor* | | *TV Monitor* |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Pag alala sa mga nadinig na panalangin o dasal sa | Iparinig ang awit o video na "Ikaw na ang Bahala" ni Aiza Seguerra | Pagusapan ang oras o panahon na nagkakasama ang | Ganyakin ang mga batang maghawak kamay ng pabilog. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pampublikong mga lugar gaya ng sambahan o pagdiriwang o kung araw ng Lunes na ginagawa sa mga paralan<br><br>Patayuin ang mga bata at hayaang sumunod sa pagdarasal nang maikli lamang na maaring nilang sundan. | Hayaan silang sumabay sa pangalawa at pangatlong stanza.<br><br>Itanong: Ano-ano ang mga paraan ng pananalangin?<br><br>Magpakuwento sa 1 o 2 bata ng karanasan ng kanyang kaklase | buong pamilya<br>Itanong : Kailan karaniwang magkakasama ang magkakapamilya?<br>Hal. Hapag kainan<br>Pagpunta sa bahay dalaginan<br>Pagsisimula ng isang pagdiriwang gaya ng birthday ng isang kasapi sa mag anak<br><br>Maaring samahan ng larawan na nagdadasal bago kumain at iba pa.<br><br>Itanong:<br>1. Ano-ano ang mga bagay na dapat nating ipanalangin?<br><br>2. Nagawa nyo bang ipanalangin ang kahilingan ng inyong kaklase? Ano ang pakiramdam na ikaw ay nagdarasal para sa iba? | Magpaawit ng isang awiting para sa lahat gaya ng: “Ang mga Ibon na Lumilipad “o maaaring sabayan ang recording ng awitin.<br><br>Tumawag ng ilang bata na nais magbahagi ng kaniyang isinulat na liham panalangin para sa Diyos. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sa araling ito, matututunan ninyo ang mga paraan ng pananalangin.<br><br>Pagpapakita ng larawan ng batang nananalangin.<br><br>Itanong:<br><br>1. Ano ang masasabi ninyo sa larawan?<br>2. Ano ang kanyang ginagawa?<br>3. Paano siya nananalangin? | Sa araling ito, matututunan ninyo na matutukoy ang mga bagay-bagay na dapat ipanalangin sa Diyos.<br><br>Tanong para sa mga mag-aaral.<br><br>1. Ano ang bagay o mga bagay na nais ninyong makuha o mangyari?<br><br>2. Ano ang gagawin mo para makuha o mangyari ito? | Sa araling ito, makikilala ninyo na ang sariling paraan ng pananalangin ay makatutulong sa pagpapabuti ng ugali.<br><br>Naniniwala ba kayo na magiging mabuti ang ugali ninyo kapag laging nananalangin? | Itanong:<br><br>Naranasan na ba ninyo na binigay ng Diyos ang inyong hinihingi sa Kaniya?<br><br>Sa araling ito, matutunan ninyo na makapagbabahagi ng sariling karanasan tungkol sa pagpaunlad ng mabuting ugali dulot ng pananalangin |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br><br>*sa Aralin* | Gagamitin ng guro ang mga simpleng salita upang madaling mauunawaan ang paksang tinatalakay.<br><br>*panalangin* -isang aksyon na nagpapakita ng tiwala at pagpapahalaga sa | Paghahawan ng Balakid<br><br>*papuri* –ang pagpaparangal at pasasalamat sa isang karapatdapat na Diyos na sinasamba.<br><br>*pagsisisi*- paghihingi ng tawad | Gagamitin ng guro ang mga salita upang madaling mauunawaan ang paksang tinatalakay<br><br>Ang *biyaya* ay tumutukoy sa mga bagay o pangyayari na | Paghahawan ng Balakid<br><br>*kabutihan* – ay ang nangahulugan ng kabaitan, kaayaaya at kaayusan<br><br>*karanasan* – ay ang pangyayari sa ating |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pinaniniwalaang Panginoon.<br><br>*pagdarasal*- isang katawagan sa panalangin<br><br>*Diyos*- ang tawag sa kinikilalang lumalang sa buong sangkatauhan na binibigyang halaga ng sumasamba sa Kanya. | *biyaya*- grasya ng Panginoon<br><br>*pasasalamat*- pagpapakita ng pagpapahalaga sa tumutulong sa atin at natanggap nating biyaya. | naganap o naibigay na sa iyo.<br><br>Ang *hiling* ay tumutukoy sa bagay o pangyayari na nais mong mangyari o maibigay sa iyo. | buhay masaya man o malungkot |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ang pananalangin o pagdarasal ay ang ating direktang pakikipag usap sa Dakilang Lumikha (Diyos, Allah, Ama, Panginoon).<br><br>Mahalaga na taus-puso ang ating paglapit sa Diyos anuman ang posisyon natin: maaring nakaupo, nakatayo, nakadapa o nakaluhod. | Ang panalangin ay komokonekta sa mundo natin at sa mundong ispirituwal. May mga bagay -bagay na mga dapat na ipanalangin sa Panginoon.<br><br>Tapat ang Diyos upang sagutin tayo sa hinihiling natin katulad ng pagkain, kalusugan, proteksyon, katalinuhan at kapayapaan. | <br>Sa pagdarasal, kinakausap natin ang Diyos kaya tayo ay nagpapakumbaba bilang paggalang sa Kaniya.<br><br>Ang pagdarasal ay dapat maging bahagi ng pang-araw-araw na gawain ng lahat ng tao. | May naranasan tayo na nagpapatunay na ang Panginoong ating pinaniniwalaan ay gumagawa ng para sa ikabubuti ng ating buhay. Siya ang ating gabay para makapagpasya nang tama at maayos.<br>Sa pamamagitan ng panalangin sumasagot Siya sa anumang hinihiling natin sa kanya ayon sa kanyang kalooban. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Kung gagawin natin ito mababago ang ating ugali.<br>Magiging madasalin (prayerful) at magtitiwala lagi tayo sa Panginoon sa lahat ng oras.<br><br>Matututo din tayo na manguna sa panalangin tuwing may mga palatuntunan o sa pagsisimula ng klase. | May panahon na kinakausap natin siya na nagbibigay saya at sigla kung tayo ay nalulungkot.<br><br>Itanong kung nauunawaan ito ng mga bata. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakikita ng guro ang mga larawan ng iba't-ibang paraan ng pagdarasal o pananalangin.<br><br>Ipalarawan kung paano nagdadasal ang mga nasa larawan. Ano kaya ang kanilang dinadasal?<br><br>1.  | Basahin:<br>**Ang Aking Munting Panalanagin**<br>Sinulat ni : Catheleen I. Pusta<br><br><br>"Dakilang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, nagpapasalamat po ako sa araw na ito. Maraming salamat po | Ipabigkas ang tula nang may damdamin.<br><br>**Dakilang Ama**<br><br>Ang Diyos ay Dakila<br>Huwaran ng madla<br>Nilikha ay pinagpala<br>Kaloob ay biyaya.<br><br>Sa mga nilalang Niya<br>Hindi sya nagpapabaya<br>Kaya ang hiling ng bawat isa<br>Ay pinapakinggan Niya.<br><br>Sagutin ang mga tanong: | **Ang Kahilingan ni Aizen**<br>Sinulat ni: Catheleen I. Pusta<br><br><br>Isang gabi si Aizen ay nagdasal sa Panginoon bago matulog. Ipinagdasal niya ang paggaling ng kapatid niya na bunso. Ang kaniyang nanay ay pinainom ng gamot ang |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2.  3.  | sa mga biyayang pinagkaloob po ninyo Patawarin po ninyo ako sa mga nagawang kasalanan. Tulungan po ninyo ako na maging mabuti at mapagmahal na bata. Gabayan, ingatan at samahan po ninyo ako lagi. Ito po ang aking dalangin, sa ngalan ni Hesus na Tagapagligtas . Amen."<br><br>Sagutin ang mga tanong.<br><br>1. Ano-ano ang sinabi sa panalangin?<br>2. Ganyan din ba ang panalangin ninyo? | 1.Sino ang tinatawag na Dakila sa tula?<br><br>2.Bakit siya tinawag na Dakila?<br><br>3. Paano Niya ipinadarama ang pagmamahal sa bawat isa na Kanyang nilikha?<br><br>4. Ano ang kabutihang dulot ng pananalangin?<br><br>5. Bilang mag-aaral paano mo masusuklian ang kadakilaan ng Diyos sa iyo? | kaniyang bunsong kapatid na may sakit. Kinabukasan ng umaga pagkatapos uli magdasal ni Aizen pinuntahan niya ang kaniyang kapatid. Laking gulat niya na magaling na ang kaniyang kapatid. Malaking pasasalamat niya na pinakinggan ng Diyos ang kaniyang panalangin.<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Sino ang nagdasal?<br>2. Sino ang may sakit?<br>3. Ano ang ipinagdasal niya sa Panginoon?<br>4. Anong nangyari sa kaniyang bunsong kapatid kinaumagahan?<br>5. Sa palagay ninyo, sino kaya ang nagpagaling sa kapatid ni Aizen? |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman* | Babasahin ng guro ang bawat sitwasyon. | Ipanood ang video "Panalangin Bago Kumain" | 4. Ano-ano ang mga magandang bunga | Magbabago kaya ang inyong ugali kung ganito rin ang inyong |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Pumalakpak ng tatlong beses kung ang pahayag ay nagsasaad ng paraan ng pananalangin at isang beses kung hindi.<br>1. Nakayuko ang mag-anak na nanalangin bago kumain.<br>2. Nakadapa si Ana habang humihingi ng kagalingan para sa kanyang Nanay.<br>3. Nakadilat ang mata ni Juan habang dinadasal na huwag makapasa sa pagsusulit ang kaklase.<br>4.Nakaluhod na nanananalangin si Amir.<br><br>5. Nagbibiruan ang mga bata habang nagdarasal.<br><br>Hikayatin ang mga bata na maibigay ang kanilang natutuhan sa aralin. | Sagutin ang mga tanong.<br>1. Ano ang ginagawa ng pamilya bago kumain?<br>2. Ano-ano ang kanilang ipinanalangin?<br>3. Bilang bata dapat ba kayong manalangin bago kumain? Bakit? | ng pagiging madasalin?<br><br>5. Magbigay ng mga halimbawa.<br><br>Makikita natin na sa pagdarasal may mabuting bunga. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:<br>1.Nakapagpapapasalam at<br>at nakapagpuri sa Panginoon<br>2. Nakakahingi ng paumanhin o tawad.<br>6. Nabibigay ang ating hiling.<br>4. Nababago ang ating ugali.<br>5. Natututo tayong manalangin. | karanasan sa pananalangin?<br><br>Magpakuwento sa batang may karanasan na sinagot ng Diyos ang kaniyang panalanangin.<br><br>Ang pagdarasal ay nagpapakita ng pananalig sa Diyos.<br><br>Sasagutin ng Diyos ang ating hiling kung ito ay Kanyang kalooban at para sa ikabubuti natin.<br><br>Dapat na malakas ang ating pananalig sa Diyos.<br><br>. |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| Pagkatapos Ituro ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Sumunod sa gagawin ko.<br>1. Luhod<br>2. Yuko<br>3. Dapa<br>4. Pagdaupin ang mga palad<br>5. Tumingala sa kalangitan<br><br>Ano-ano ang mga paraan ng pananalangin?<br>Tandaan:<br>*Mahalaga na buong puso ang paglapit natin sa Diyos anuman ang posisyon nakatayo, nakadapa, nakaupo o nakaluhod man.*<br>*Ipabigkas ang slogan nang sabay-sabay "Laging magdasal."* | Itanong sa mga mag-aaral.<br>Ano ang ipapanalangin mo kapag ganito ang inyong nararanasan? Piliin ang titik ng maaaring sagot sa kahon at isulat sa patlang.<br>__1. Natatakot ka sa dilim.<br>__2. Walang pagkain sa almusal.<br>__3. Maysakit ang ate.<br>__4. di maunawaan ang leksiyon<br>__5. Gusto mong laging pumasok sa paaralan araw-araw.<br>A. magandang kalusugan<br>B. kagalingan<br>C. katalinuhan<br>D. pagkain<br>E. tapang<br><br>Tandaan:<br>*Tapat ang Diyos upang sagutin tayo sa hinihiling natin katulad* | Itanong sa mga mag-aaral:<br>Paano magiging mabuti ang inyong ugali?<br>Tandaan:<br>*Kung tayo ay madasalin nababago ang ating ugali.*<br>*Magtiwala tayo sa Panginoon sa lahat ng oras. Siya ay tapat na sumasagot sa ating dalangin.*<br>*Slogan:*<br>*"Laging magdasal."* | Tanong:<br>Sa inyong karanasan, ano-ano ang mga kabutihang dulot ng panalangin? Bakit?<br>Kung nanalig tayo sa Panginoon nagpapatuloy tayong magdasal. Sikapin natin wag sumuko. Manalig tayo.<br>Slogan:<br>*"Laging magdasal."* |



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>ng pagkain, kalusugan, proteksyon, katalinuhan at kapayapaan.<br><br>Slogan:<br>“Laging magdasal.”</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pagtataya ng Natutuhan</td>
<td>PANUTO:<br>Lagyan ng tsek (/) kung ang pahayag ay nagpapakita ng paraan ng pananalangin at ekis (X) kung hindi.<br><br>1. Nakadapa na nagdarasal si Haji sa kanilang sambahan.<br>2. Inaaway ni Pedro ang kaklase habang nagdarasal.<br>3. Nakatayong nagpapasalamat ako sa Diyos sa malusog kong katawan.<br>4. Nakataas ang kamay ng papuri sina Mico at Leo.<br>5. Nakayukong humihingi ng tawad si Gemma sa kanyang pagsisinungaling.</td>
<td>PANUTO:<br>Hanapin sa krosword puzzle ang mga biyayang ipinagdarasal ng isang batang tulad mo. Bilugan ang iyong sagot. May isang salita na nakabilog bilang halimbawa.<br>a. pamilya<br>b. pagkain<br>c. buhay<br>d. proteksyon<br>e. kalusugan<br>
<table>
<tr><td>P</td><td>R</td><td>O</td><td>T</td><td>E</td><td>K</td><td>S</td><td>Y</td><td>O</td><td>N</td></tr>
<tr><td>A</td><td>S</td><td>D</td><td>F</td><td>w</td><td>A</td><td>Q</td><td>E</td><td>R</td><td>Y</td></tr>
<tr><td>G</td><td>P</td><td>A</td><td>M</td><td>I</td><td>L</td><td>Y</td><td>A</td><td>D</td><td>H</td></tr>
<tr><td>K</td><td>Z</td><td>X</td><td>C</td><td>V</td><td>U</td><td>N</td><td>B</td><td>M</td><td>G</td></tr>
<tr><td>A</td><td>H</td><td>J</td><td>A</td><td>F</td><td>S</td><td>Q</td><td>Q</td><td>U</td><td>O</td></tr>
<tr><td>I</td><td>E</td><td>Y</td><td>G</td><td>N</td><td>U</td><td>B</td><td>N</td><td>w</td><td>M</td></tr>
<tr><td>N</td><td>F</td><td>G</td><td>H</td><td>K</td><td>G</td><td>I</td><td>O</td><td>W</td><td>P</td></tr>
<tr><td>Q</td><td>S</td><td>B</td><td>U</td><td>H</td><td>A</td><td>Y</td><td>K</td><td>D</td><td>F</td></tr>
<tr><td>D</td><td>G</td><td>J</td><td>N</td><td>M</td><td>N</td><td>Q</td><td>E</td><td>R</td><td>U</td></tr>
</table></td>
<td>PANUTO:<br>Iguhit ang ♡ sa patlang kung ito ay nagpapakita ng mabuting ugali◯dulot ng panalangin at bilog kung hindi.<br><br>____1. Pinakikinggan ng Diyos ang panalangin ng mga batang may mabuting kalooban.<br>____2. Mababait at mapagmahal sa kapwa ang mga batang madasalin.<br>____3. Ibinibigay ang kahilingan ng taong taimtim manalangin.<br>____4. Nagiging palaaway ang batang madasalin.<br>____5. Ang batang madasalin ay inilalayo</td>
<td>PANUTO:<br>Isipin mo ang isang bagay na pinagdasal mo sa Panginoon na nangyari o natanggap mo. Iguhit sa puso at kulayan ito.<br><br>Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbahagi sa klase.<br><br>.</td>
</tr>
</table>



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sa anumang kapahamakan. | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Bigyang pagkakataon ang mga bata na ibahagi ang paraan ng kanilang pagdarasal na kanilang pinaniniwalaan Maaaring isakilos o mag usap ang kapwa batang katabi o kapangkat. | Kumuha ng "Prayer Partner" at tanungin ang isa't isa kung ano ang hinihiling para sa kanyang sarili o pamilya.<br><br>Isama siya sa inyong sariling panalangin bago matulog. | Kasunduan:<br><br>Sumulat ng maikling liham sa Panginoon kung ano ang nais mong hingin sa Kanya. Isulat ito sa iyong kuwaderno. | Alalahanin ang isang bagay na hiniling sa nakaraan. Isulat kung ito ay nasagot ng Panginoon o hindi. Ipaliwanag kung paano.<br><br>Kasunduan:<br>Ugaliing magdasal sa Panginoon bago matulog at pagkagising. Isulat ang iyong hiling. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | 1.Paano ko ibinahagi sa mga bata ang aralin sa araw na ito.<br><br>2. Naisakatuparan ko ba ang layunin para sa araw na ito? | 1.Paano ko itinuro sa mga bata ang aralin sa araw na ito.<br><br>2. Naisagawa ko ba ang layunin para sa araw na ito? | 1. Paano ko itinuro sa mga bata ang aralin upang lubos nila itong maunawaan.<br>2.Naisagawa ko ba ang tiyak na layunin ng aralin? | Maganda ba ang naging bunga sa ugali ng mga bata ang aking pagtuturo sa araling ito? |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph